
Del Rosario Christian Institute





*Teacher Lyanne Ortua*



Del Rosario Christian Institute

Yunit 1 Panitikan sa  Panahon ng Hapones

Ang panahong ito sa kasaysayan ng bansa at ng panitikan ang tinaguriang GINTONG PANAHON NG PANITIKANG PILIPINO dahil higit na Malaya ang mga Pilipino sa pagsulatng panitikan at pagsanib ng kultura, kaugalian at paniniwalag Pilipino sa mga ito.




Kaligirang Pangkasaysayan

Ang bansang Hapon ay Malaki ang pagnanais na siyang maghari sa buong Asya
Lihim siyang pinalakas ng kanyang sandatahang panlakas, hukbong dagat, katian at himpapawid.

Layunin ng bansang hapon ang maitaboy ang mga bansang kanlurang sumakop sa ibangbansa sa Asya gaya ng Indonesia, Malaysia, Biyetnam at Pilipinas

Sa panahong ito nabalam ang umuunlad napanitikang Filipino.
Ang lingguhang Liwayway lamang ng mga Roces ang nagbukas ngunit nasa ilalim ngpangangasiwa ng hapong si Kin-Ichi Ishikawa- Manunulat at tagapagsaling Hapon (1895-1959).

Sumibol nang lubos ang panitikan ng bansang ito dahil ipinagbabawal ng namumunonghapon ang paggamit ng wikang ingles at itinaguyod ang pagpapayaman sa panitikang gamit ang mga katutubong wika ng bansa.

Sinunog din ang mga aklat a nasusulat sa ingles upang masigurong hindi mababahiran ng kanluraning ideya ang panitikang nilikha.

Napasara ang mga sinehan at ginawa na lamang tanghalan. Nagkaroon ng krisis ng papel kaya hindi masyadong marami ang akdang naisula.

## **Aralin 1** Ang Tanaga at Haiku

### TANAGA

Ito isang maikling tulang katutubong Pinoy na kadalasang ginagamit ang wikang Tagalog. Dahil sa kasikatan niya sa ika-20 na siglo, ito ay minsang pinaghalo sa wikang Ingles. Ito ay maikli lamang ngunit may sukat at tugma. Ang bawat taludtod nito ay may pitong pantig. Nagtataglay din ng mga matalinhagang kahulugan.

Ito ay ginagamit pang aliw o pang lipas oras ditto masusukat kong gaano ka talas ang isip sa pagbuo ng tamang linya ng bawat tanaga.Ang tanaga ay ginagamit ng mga matatanda panghikayat ng mga kabataan na mag isip ng tanaga.

Halimbawa:




### HAIKU

Ito ay isang anyo ng tula na nagmula sa mga Hapones. Hindi kagaya ng ibang uri ng mga tula, ang haiku ay maikli lamang dahil ito ay gumagamit ng kaunting salita lamang. Sa katunayan, ang haiku ay may tatlong taludtod lamang. Sa kabuuan, ang haiku ay mayroon lamang na 17 na pantig.

Kadalasan, ang mga tanaga ay gumagamit ng 7777 na estilo ng panunulat ng taludturan. Pero, ang Haiku naman ay gumagamit ng 5/7/5.

Halimbawa:

Bayan kong mahal
Buhay ay ibibigay
Iyan ay tunay

Wala ng iba
Ikaw lamang at ako
Pang habang buhay

Kung umaraw man
O kaya't ay uulan
Hindi sasablay

Munting sinta ko
Ikaw na ang tahanan
Ang aking mundo

Sa dulo nito
Ikaw lamang at ako
Hindi bibigo

Sa aking buhay
Sayo lamang hihintay
Wala ng iba







## Aralin 2 Maikling Katha/Maikling Kwento

Ang maikling kwento ay isang anyo ng panitikan na may layuning magsalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Nag-iiwan ito ng isang kakintalan sa isip ng mga mambabasa.

### Mga Bahagi

Ang maikling kwento ay karaniwang mayroong limang bahagi:

- Panimula
-Saglit na kasiglahan
- Suliraning inihahanap ng lunas
- Kasukdulan
- Kakalasan

Ang **panimula** ay ang bahagi na siyang guguhitan ng mga pangyayari sa kwento. Mahalagang maging kapansin-pansin ito upang mabihag ang kawilihan ng bumabasa.

Ang **saglit na kasiglaha**n ay ang bahaging naglalarawan ng simula patungo sa paglalahad ng unang suliraning inihahanap ng lunas. Dapat maging kaakit-akit ang bahaging ito sa bumabasa at madama niya ang magaganap na pangyayaring gigising sa kanya ng isang tiyak na damdamin.

Ang **suliraning inihahanap ng lunas** ay karaniwang tatlo. Kung minsan ay humihigit sa tatlo, depende sa sumusulat ng kwento. Sa bahaging ito ng kwento, ang mababasa ay napapagitna sa mga pangyayaring gigising sa kanyang damdamin. Ang mga pangyayaring ito ang siyang bumubuo sa mga suliraning inihahanap ng lunas at lumilikha ng isang kawilihang pasidhi nang pasidhi.

Ang **kasukdulan** ay ang bahagi ng kwento na nagsasaad ng pinakamasidhing kawilihan. Ito ay dapat ilarawan nang mabilisan, tiyak, o malinaw at maayos. Upang maging mabisa ang kasukdulan, ito ay di-dapat magkaroon ng anumang paliwanag. Ang kailingan lamang ay ang maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga suliraning inihahanap ng lunas.

Ang **kakalasan** ay ang panghuling bahagi ng kwento na kaagad sumusunod sa kasukdulan. Ito ay hindi rin dapat pahabain at bigyan ng paliwanag. Ipaubaya sa mambabasa ang pag-iisip at hayaang siya ang magbigay ng wakas sa kwento.

Halimbawa:




Nag-iisang anak ni Mang Tibo at Aling Iña si Maymay kung kaya't parang kapatid na ang turing na sa kanyang mga alaga. May aso siyang si Bruno at pusa na ipinangalanan niyang si Kiting.

Araw-araw, naglalaro sina Maymay, Bruno, at Kiting. Kahit ang mag-asawa ay nagagalak sa saya sa mukha ng kanilang nag-iisang anak tuwing nakikipaglaro ito sa mga alaga niya.

Subalit, hindi alam ni Maymay na may inggitan na nangyayari sa pagitan nina Bruno at Kiting. Isang araw, habang nasa talyer si Mang Tibo nagtratrabaho at si Maymay naman ay sumama kay Aling Iña sa tindahan, nag-away ang dalawa.

Hindi sinasadyang nalalag si Kiting kay Bruno na siya namang natutulog sa sala ng munting bahay ng pamilya Santos. Nagising ang aso at nagalit dahil mahimbing na sana ang tulog niya.

Hinabol ni Bruno si Kiting at nang madatnan niya ito ay pinag-kakagat niya. Hindi naman nilakasan ng aso ang pagkaka-kagat sa pusa pero may nagdulot ito ng mga maliliit na pasa.

Pag-uwi ni Maymay, nagalit siya kay Bruno. Hindi niya ito pinakain habang awang-awa siya kay Kiting. Nais ng bata na matuto raw ang aso kaya ginawa niya ito kahit masakit rin sa kanya.

Nanghina si Bruno at masakit ang loob niya sa parusa ni Maymay. Umalis ulit si Aling Iña at ang anak niya. Saktong pag-sarado ng pintuan, itinulak ni Kuting ang kanyang kainan patungo kay Bruno.